# *Demonolohiya, Pisikal na Kalagayan*

Ngayon ako...?...[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Ito ang unang pagkakataon na ginawa ko ito kailanman sa alinman sa mga pagtitipon ko mula nang ako'y nasa larangan. Bagong pagkakataon ito. Umalis si Kapatid na Baxter; at—at nasa India si Kapatid na Bosworth, o, Aprika; at si Kapatid na Baxter, hindi ko alam kung nasaan siya. Nagpunta siya sa isang lugar, at ang iba naman ay nasa malayo't umalis din. At kami lang ni Billy ang nandito, haya't nagtatamasa kami ng kaaya-ayang panahon: bumangon lang, kumatay at kumain. Kaya naman, sa aming—aming palagay naman ay siguro makakaya namin, sa tulong ng Panginoon, na idaos ang pagtitipon, sa sarili namin. Yan ang dahilan at natutuwa akong makita itong lumampas nang kaunti, para sa isang kadahilanan na 'yan. Naniniwala akong tutulungan tayo ng Panginoon na gawin ito. Ngayon, alam n'yong may...

Mahal ko ang pangasiwaan ko. May kalugod-lugod akong kapatiran, sina Bosworth, Baxter, Lindsay, Moore, lahat, lima sila, Baron von Blomberg. Talaga pong napakainam nila na mga kalalakihan. Pero sadyang may kung anong bagay talaga, kapag pagsasama-samahin mo sa isang grupo ang mga kalalakihan, may isa na may ganito, at may isa na ganoon naman. Kung minsan nga'y salungat sa iniisip ko sa sarili ko. Kaya pakiramdam ko—ko—ko ay para bang malaya ako ngayon. Maaari tayong magtamasa ng kaaya-ayang panahon, ililis lang natin ang mga manggas natin, at basta ganahan lang at kumain. Naiisip ko ang tungkol sa paglilis ng inyong mga manggas at pagtatamasa ng isang—isang kaaya-ayang panahon.

Ang una kong Biblia ay ang kalikasan. Natutunan ko ang Diyos sa pamamagitan ng kalikasan. At mahilig akong mangisda. Gustung-gusto ko ang pangingisda! At mahilig ka bang mangisda, iho? Kung mahilig kang mangisda, at mahal mo ang iyong nanay, magiging isa kang mabuting anak. At kahit ang pagbabagong-loob ko'y hindi 'yun inalis lahat sa akin. Kaya isang araw naroon ako sa kabundukan, nangingisda. Ngayon, ito po lamang ay para sa kapakanan ng munting batang lalaking narito. At nangingisda ako sa itaas dun sa kabundukan... At para rin ito sa iba pang mumunting bata, hayan nga, na nakaupo sa paligid. At nangingisda ako ng isdang trout. At, o, maaliwalas na panahon nga noon nang tagsibol. At ganoon ang ginagawa ko, at may isdang trout doon sa katabing tubigan, alam n'yo, naroon nga. At pinupuri ko lamang noon ang Panginoon

at nagtatamasa ng maluwalhating panahon, sumisigaw. Kung minsan, habang nakalawit ang pamingwit ko. Naniniwala ako sa pagsigaw. Amen. Tunay nga. Dahil, alam kong may bagay na lumulukob sa akin, at sadyang may bagay ito na idinudulot sa akin.

2 Mangyari nga na medyo matagal-tagal akong nasa labas noong umagang 'yun, at pagbalik ko, hayan nga ang pinaka kakatwang bagay: Maraming oso sa lalawigan doon, sa New Hampshire. May maliit akong kampo roon, kung saan ako nangingisda. At may itinayo akong maliit na lumang tolda dun, isang maliit na patatsulok na tolda na doon ako namamalagi. At pinaka pasaway sa lahat ang isang itim na oso. Mangyari nga, na may nakapasok doon na isang matandang nanay na oso at dalawang maliliit na anak na oso, at sinalanta nila 'yung tolda ko!

3 Ngayon, ano sa tingin n'yo dapat ang ginawa ko sa osong 'yun, munting batang babae riyan na may pulang buhok, diyan sa may likod? Dapat hinabol ko 'yung oso, hindi ba?

4 Pero ganito ang ginawa niya. Pumasok siya, pinunit ang tolda ko't kinalat-kalat ang lahat, at kinaing lahat ang pagkain na mayroon ako roon, at talagang tuwang-tuwa pa siya. Kaya pagdating ko, tumakbo siya palayo. At sinigawan niya ang mga anak niya, at tumakbong kasama niya 'yung isang maliit niyang anak. At ayaw umalis nung isa; naupo lang siya roon. Nakatalikod siya sa akin, parang ganito, at may ginagawa siya. At wala akong kahit ano sa kamay ko kundi isang maliit na lumang palakol. Pumuputol ako ng ilang sanga ng elder dun. Buweno, tumakbo 'yung nanay na oso nang ganitong kalayo lang, oh, sa palagay ko hanggang diyan sa poste ng telepono diyan, at huminto siya. Sinigawan niya itong maliit na oso rito, at hindi siya pinapansin nito. Nanatili lang 'yung batang oso na nakaupo roon.

5 Sa isip-isip ko, "Ano kaya ang ginagawa ng munting oso na 'yun?" Lumapit ako nang kaunti pa. Takot akong lumapit nang husto, natatakot akong baka kalmutin niya ako. Mangyari nga—mangyari nga na di ako—di ako makakita ng puno sa paligid, at alam kong nakakaakyat din ng puno ang oso, hayan nga. Kaya, at ayaw kong lumapit nang husto sa nanay na oso, dahil alam ko ang kalikasan ng oso. Kaya, kaunting lapit lang ang ginawa ko. At alam n'yo kung anong nangyari?

6 Ngayon, mahilig ako sa pancake. Ilan sa inyo na mga kabataang lalaki ang mahilig sa pancake? Oh, naku! Oh, ako. . .Maski nakatatandang kalalakihan, din. Nakikita ko na nagsipagtaas din sila ng kanilang kamay. Mahilig tayong lahat sa pancake, at talagang gustung-gusto ko 'yun, at gustung-gusto kong paliguan 'yun ng pulot. Bilang Baptist, alam n'yo, 'yun ang nagpapanatiling matuwid sa atin, alam n'yo, 'yung pulot,

alam n'yo. Kaya, at mangyari nga, na di ko lang winiwisikan ang mga 'yun, talagang binabautismuhan ko ang mga 'yun. Talagang pinapaliguan ko ito hanggang sa talagang maging masarap at makapal ito. Hindi ko lang winiwisikan ng kaunti rito at doon. Talagang ibinubuhos ko ito roon, pinapaliguan mismo ng pulot.

7 At pagkatapos, alam n'yo, may santimba akong pulot doon, kalahating galon na timba ng pulot. At mahilig sa pulot ang mga oso. Mangyari nga na 'yung munting oso'y nakapasok dun at tinungkab 'yung takip nung timbang 'yun ng pulot, at naupo siya roon nang paganito, na nasa ilalim ng braso niya itong maliit na timba ng pulot, *nakapaganito*. Hawak niya 'yung... At di niya alam kung paano kainin ito nang maayos, na tulad ng pagkain n'yo, alam n'yo na, kaya isinasawsaw lang niya 'yung maliit niyang kamay sa loob at pagkatapos hinihimod 'yun nang *paganoon*, at hinihimod mismo. At lumingon siya para tingnan ako, at 'yung maliliit niyang mga mata'y sala-salabid, at 'yung maliit niyang tiyan ay nangingintab, sa pulot. Nakaupo lang siya roon, isinusuksok ang kamay niya't dinidilaan 'yung pulot, nang *paganoon*, sa abot nang makakaya niyang paghimod.

8 Oh, grabe, biglang pumasok sa isip ko ang tungkol sa isang mainam na sinaunang pagtitipon sa Espiritu Santo, at inaalis lang natin ang takip ng timba, ipinapasok ang kamay natin sa sisidlan at humihimod. Patuloy lang, alam n'yo na, himod nang himod.

9 At alam n'yo kung ano 'yung nakakatawa, hayan nga? Pagkatapos na makuha na nung munting oso ang kaya niyang kainin, ibinaba niya 'yung timba at tumakbo na roon. Alam n'yo ang nangyari? Dinilaan siya nung nanay na oso at nung isa pang maliit na oso, para masaid 'yung pulot.

10 Kaya naman, buweno, marahil ang pagtitipon natin ay magiging ganoon din, umaasa ako, para patuloy lamang nating maipamalita sa iba, at ang kaluwalhatian ng Diyos ay bumababa sa atin. Buweno.

11 Natutuwa akong makita kayong mumunting mga bata na lumabas. Gustung-gusto ko talagang magkuwento ng katulad nun sa inyo. At marahil bukas ng hapon, mas marami tayong oras, at—at makakapag-usap pa tayo nang husto. At ngayon ay makikipag-usap tayo kina tatay at nanay tungkol sa isang bagay.

12 Pag-uusapan natin ang tungkol sa *Demonolohiya*. Sa Mga Awit 103:1 hanggang 3, mababasa natin ang mga talatang ito. Bawat ministro halos at mangangaral, o mambabasa ng Biblia, ay kabisadong-kabisado ito sa kanilang puso.

> *Purihin mo ang PANGINOON, Oh kaluluwa ko: at lahat na nangasa loob ko, ay magsisipuri sa kaniyang banal na pangalan.*

*Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat* ng *kanyang mabubuting gawa:*

*Na siyang nagpapatawad* ng *iyong lahat na* kasamaan; *na siyang nagpapagaling* ng *iyong lahat na mga sakit;*

13 Gusto kong pansinin n'yo roon, ang binanggit dun ay "lahat." "Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na kasamaan, na Siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit." Ngayon maaari ba nating iyuko ang ating mga ulo pansumandali.

14 Ngayon, Makalangit na Ama, pinasasalamatan Ka po namin ngayong hapon, sa pagparito. Pinasasalamatan Ka namin para sa maliliit na batang ito na nakaupo sa palibot, sila ang kalalakihan ng kinabukasan, at kababaihan, kung mayroon pang bukas, kung magtatagal pa si Jesus. At ngayon, Ama, dalangin namin na—na pagpalain Mo kami ngayon habang naguusap-usap kami ngayon ukol sa Iyong Salita, at tungkol sa matinding kaaway na mayroon kami, si Satanas. Dalangin po namin, Diyos, na pahihintulutan Mo kaming maglagay roon ng tagapagpauna, isang mekanisadong yunit dito, ang kapangyarihan ng Diyos, na makapupunyagi laban sa kanya ngayong gabi sa bawat pulgada ng kanyang tinatayuan, Panginoon, at ipakita sa kanya na wala siyang legal na karapatan sa anumang paraan, na tinalo na siya ni Cristo bilang humalili sa amin doon sa Kalbaryo, noong namatay Siya, at nilupig Niya ang mga pamunuan at sinamsam kay Satanas ang bawat—bawat kapangyarihang mayroon siya. At, Diyos, pagkalooban Mo po kami ng karunungan at pang-unawa sa oras na ito, para malaman at ipaliwanag sa mga tao kung paano nila malalaman kung paano gumaling at gapiin si Satanas. Sa Pangalan ni Jesus ay kami'y dumadalangin. Amen.

15 Ngayon sa ilang minuto ay pag-uusapan natin ang *Demonolohiya*. Napakarami na ng narinig n'yo tungkol sa mga demonyo. Ngayon, bukas ng hapon marahil ay magtatapos na tayo. Gusto kong kumuha ng dalawang araw sa sanlinggong ito, hayan nga, para ipangaral ito, basta . . . o dalawang araw sa mga gawain sa hapon, para mangusap ukol dito.

16 Ngayon, ang unang bagay, kung ano nga ang isang demonyo. Marami kayong naririnig sa mga tao na may kuro-kuro tungkol sa demonyo. Buweno, ngayon, ang isang "demonyo, diyablo," ay nagbuhat sa isang salita, at sa Ingles ay tinatawag itong "tagapagpahirap." Ang isang taong nagpapahirap ay isang diyablo, isang masama. Kanyang sinasabi . . . Ngayon, ang Biblia ngayon, sa tingin ng karamihan, sa tingin ng maraming tao, ay isa lang daw sinaunang aklat na binabasa nina lolo at lola, o parang ganoon. "Wala namang ganyang bagay, para 'yan sa matatanda na, at kung ano." Pero mali 'yun. Para ito sa lahat.

At ang mga demonyo'y mga tagapagpahirap na nagpapahirap sa atin.

17 Ngayon, may mga demonyong pumapasok sa kaluluwa ng tao, at ganoon, 'yung madalas na paglalahad dun, na haya't—na haya't pumapasok. . . Pero ganito ko 'yun ilalahad, ganito, 'yung sinasabing demonyong pumapasok sa kaluluwa ay isang bagay na nagpapahirap sa kaluluwa.

18 Madalas makakakita kayo ng isang tao na marahil nababaliw. Ngayon, maaaring ang taong 'yun ay napagbagong-loob, puspos na ng Espiritu Santo, at sa kabila nun ay ganap na baliw. Kita n'yo? Mangyari nga. Wala kasi 'yung anumang kinalaman sa kaluluwa. Isa 'yung tagapagpahirap, kita n'yo, isang bagay na nagpapahirap sa mga tao.

19 Ngayon, ang lahat ng karamdaman, kinakailangan muna nating malaman na ang lahat ng karamdaman ay nagbubuhat sa diyablo. Ang Diyos ay hindi pinagmumulan ng karamdaman. Walang karamdaman na nagbubuhat sa Diyos. Pinahihintulutan kung minsan ng Diyos si Satanas na maglagay ng karamdaman sa inyo, bilang isang panghampas para maibalik kayo sa bahay ng Diyos, kapag kayo'y sumusuway. Pero ang karamdaman, sa pasimula nito, ay buhat mismo sa diyablo. Mantakin n'yo na paniniwalaan ng isang tao na ang Diyos, ang Ama natin sa Langit, ay pagmumulan ng ganyang bagay na katulad ng karamdaman at kamatayan? Buweno, hindi, hindi Siya pagmumulan, hindi noon, hindi kailanman. Pinahihintulutan ng Diyos ang kamatayan dahil sa pagsuway. Pinahihintulutan ng Diyos ang kamatayan. Gaya nga ng sinabi ng isang manunulat, "Ang tanging magagawa ng kamatayan, itinatali ito ng Diyos sa isang karwahe't hihilahin tayo nito tungo sa Presensya ng Diyos, ang isang mananampalataya." Hayan nga't ang ibig sabihin ng salitang *kamatayan* ay "pagkahiwalay."

20 Sinabi ni Jesus, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita at nananampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan." At sinabi Niya, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli, Buhay, ang sumasampalataya sa Akin, bagama't siya'y mamatay, gayunman siya'y mabubuhay, at ang bawat nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi mamamatay magpakailanman." At inihahatid natin ang mga katawan ng isa't isa sa tahimik nating libingan. "Subalit hindi siya kailanman mamamatay."

21 Ngayon kung mamasdan n'yo noong nagsalita Siya ukol kay Lazaro, sabi Niya, "Natutulog si Lazaro."

22 Ang mga alagad, mga taong tulad natin, ang sabi nila, "Oh, kung siya'y natutulog ay gagaling siya." "Ang ibig Niyang sabihin ay nagpapahinga," ganoon ang iniisip ng mga alagad.

23 Pero lumapit Siya't kinausap sila sa kanilang lingguwahe. Sabi Niya, "'Patay na siya,' gaya ng pagkaalam n'yo. Ngunit,"

sabi, “Pupunta Ako’t gigisingin siya, gigisingin siya.” Kita n’yo? Kita n’yo? Kapag kayo’y . . .

24 Ang ibig sabihin ng *kamatayan* ay “hiwalay.” Ngayon, kapag ang isa sa inyo marahil, may isa sa inyong kapamilya na mamatay, o kung ano, ang taong ito, kung siya’y napagbagong-loob, hindi sila patay. Patay sila sa tingin ng tao. Pero nahiwalay lamang sila sa atin, pero nasa Presensya sila ng Diyos. Hindi sila patay, at hindi sila maaaring mamatay, imposibleng mamatay sila. Sinabi ni Jesus, “Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na walang hanggan, at hindi na hahantong sa kahatulan, kundi lumipat na mula kamatayan patungong Buhay.” Kaya naman, hindi siya maaaring mamatay. Ang anumang imortal, Walang Hanggan, ay di maaaring mamatay. Ito’y Buhay na di mamamatay. Taglay niya Ito dahil ipinagkaloob Ito ng Diyos sa kanya. At hindi—hindi dahil sa pagiging karapat-dapat; ito’y kalakip . . . Ito’y walang kondisyon. Ipinagkaloob Ito ng Diyos sa kanya.

25 Tumatawag ang Diyos. Walang tao na makalalapit sa Diyos maliban na tinawag siya ng Diyos. Sinabi ni Jesus, “Walang tao ang makakalapit sa Akin malibang tawagin siya ng Aking Ama, ilapit siya.” Tama ba? Kaya buong-buong ang Diyos ito. Marahil bukas ng hapon ay mas marami pa tayong matalakay tungkol dun, dahil gusto kong matalakay itong bagay ukol sa *sakit*, sa inyo, para makita n’yo ito.

26 May panahon noong umusbong tayo sa kalolololohan natin. Alam n’yo ’yun. Alam ’yan ng doktor. Buweno, alam n’yo, rin, kayo na mga nagbabasa ng Biblia. Alam n’yo na ang binhi ng buhay ay nagsimula sa kalolololohan n’yo, na uusbong ang isang binhi, at lumabas sa pamamagitan ng inyong lolo, pagkatapos sa inyong tatay, pagkatapos sa inyong nanay at sa dako n’yo ngayon. Siyanga. Ganoon ang itinuturo maging ng Kasulatan. Heto ang Kasulatan para sa inyo kung gusto n’yo. Naniniwala akong sinabi Nito na nagbigay ng ikapu si Levi noong nasa balakang pa siya ni Abraham, na kalolololohan niya. Tama ba? Kaya, kita n’yo, matutugaygay pabalik dun ang binhi.

27 Pero ang inyong mga kaluluwa’y ginawa na bago pa man maitatag ang sanlibutan, noong nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang Sariling larawan; espiritu ng tao; hindi *isang* tao sa Kanyang Sariling larawan, kundi *tao* sa Kanyang Sariling larawan. Kita n’yo? At pagkatapos ay ginawa Niya silang lalaki at babae, bago pa man Siya nagkaroon ng tao sa alabok ng lupa. Sana may oras tayo mamayang hapon, para magugol at balikan ’yan. Tingnan n’yo nga kung paanong ang Diyos . . . Ngayon, nasa pagitan mismo ng talata, pero, kapag makikita n’yo, nakaakibat mismo sa talata. Kita n’yo? Kung papaanong ang Diyos, doon sa pasimula, kung ano ang ginawa Niya roon, at kung papaanong kumilos Siya sa lupa’t kung papaanong ginawa Niya ang tao

sa Kanyang larawan; at pagkatapos ay bumaling ang Diyos at ginawa sa larawan ng tao, para tubusin ang tao.

28 Ngayon, noong ginawa ng Diyos ang tao sa Kanyang larawan, isa siyang taong espiritu. At wala pa noong tao na magbubungkal sa lupa. At nilikha Niya ang tao mula sa alabok ng lupa. Ngayon, ang mga kronolohiko, at iba pa, at ang mga taong ito na naghahanap at kumakalap ng mga sinaunang buto, at iba pa, at naniniwala sa ebolusyon. . .naniniwala ako sa tamang klase ng ebolusyon. Nag-ebolusyon ang tao mula sa kanyang sarili, pero hindi nga mula sa isang selyula. Hindi, po, dahil ang isang—isang ibon ay isa nang ibon magmula pa noong ginawa siya ng Diyos na isang ibon, at ang isang unggoy ay isa nang unggoy, ang isang tao ay tao na noon pa man. Siyanga.

29 Ngayon, kausap ko ang isang doktor dito medyo matagal na, sa Louisville. Sabi niya, "Naku, Rev. Branham!" Ikinukuwento ko ang tungkol sa kung papaanong ang mga katutubo sa Aprika, kung papaano sila kumakain, pumupunta lamang sa . . . Oh, ilan nga sa pinaka nakadidiring bagay na makikita n'yo kailanman, kung paano sila kumakain! Pumupulot lang ng mga bagay-bagay na kontaminado, may mga uod, pinapagpag lang ang mga 'yun, ang puno ng uod at lahat na. Di niya alintana. Kita n'yo? Sabi nila. . . Umiinom ng kahit ano, na di niya alintana kung anuman 'yun. Sabi niya, "Pero, Rev. Branham, sila nga'y hindi tao."

Sabi ko, "Oh, oo, mga tao sila. Sigurado namang mga tao sila."

30 Sabi ko, "Ang pinakamalapit sa isang tao, sa hanay ng mga hayop, ay isang chimpanzee. At tinangka n'yo nga sa loob ng apat na libong taon na makakuha maski isang pantig mula sa chimpanzee na 'yun, at hindi niya magawa," Sabi ko, "dahil hindi siya nakakapag-isip. Wala siyang anuman para makapag-isip." Oh, maaari n'yong maturuan siya ng maliliit na bagay kagaya sa isang kabayo, gee at haw, o suotan ng salamin, o manigarilyo, o balansehin ang sarili niya sa isang bisikleta, sumakay sa isang kabayo, o ganoong bagay, pero parang "gee" at "haw" sa isang kabayo, o "wheet" sa isang aso, o parang ganoon. Sabi ko, "Isa kasi siyang hayop."

31 "Pero pabalikin n'yo ako sa Aprika, sa pinakaliblib na tribo na mayroon sila, at sa munting tribo ng mga taong-bundok." At sabi ko, "Marahil ang lolo ng lolo ng lolo ng lolo niya'y di pa nakakita kailanman ng isang taong puti o anuman. Ang alam lang niya, ni hindi niya alam kung ano ang kanan at kaliwang kamay. Ang alam lang niya'y kumain, at kinakain niya kung ano ang mahawakan niya, katawan man ito ng tao, anumang iba pang bagay, haya't di niya alintana, basta siya'y makakain. Subalit hayaan n'yong kunin ko siya nang limang taong gulang, at sa edad na labinlimang taon ay makapagsasalita siya ng

disenteng Ingles at kakamit pa ng magandang edukasyon. Bakit? Mayroon siyang kaluluwa. Ginawa siya ng Diyos na tao, at mayroon siyang pantay na karapatan na makapakinig ng Ebanghelyo, kahit minsan man lang, gaya ng mayroon tayo rito na pangangaral, sa buong Amerika, sa mga tao, na paulit-ulit-ulit, at nagmamakaawa, nanghihikayat at lahat na. Iparinig n'yo ito nang minsan sa kanya, at makikita n'yo siyang sisigaw at tatakbo dali-dali sa altar." Kita n'yo? Siyanga, po!

32 Yan nga ang puso ko, kapatid, ngayon, kapag naiisip ko ang Aprika, at sila na mga kaawa-awang munting itim na mga kamay na nagsisipagtaasan, na nagsasabi, "Kapatid na Branham, isang beses pa tungkol kay Jesus!" Oh, habag! May kung anong bagay sa kaibuturan ko na humahalukay at nag-aalab. Agad-agad kapag nagkaroon lang ako ng salapi, hahayo agad ako roon, siyanga. Ganoon ang ginagawa ko sa bawat sentimo na nakukuha ko, lahat mismo, alam 'yan ng Diyos, labas ang pagkain ko. At marami sa mga tao ang nagreregalo sa akin ng mga damit ko. At kung may kaunti pang salapi na matira, mismo, mula sa munti kong gastos, inilalagay ko 'yun kaagad sa pondo para sa pagmimisyon na itinakda ng gobyerno. Ni hindi ako nagbabayad ng buwis ng kita rito. Kapag nakalikom nga ng tatlo o apat, limang libong dolyar, haya't dadalhin ko 'yun sa dako roon at ipapangaral ang Ebanghelyo sa mga tao na alam kong sa araw na 'yun ay kinakailangan kong panagutan. At batid ko ang pananagutan ko.

33 Dati, kapag nagpupunta ako sa isang siyudad, na nagdadaos ako ng isang malaking pagtitipon noong mayroon pa silang maraming salapi, at may malalaki pa silang mga gawain at libo-libong dolyar, mangyari nga na ibinibigay ko 'yun sa Red Cross at iba pa. Ngayon, ngayon, hindi para batikusin sila, pero dumadaan sila sa kalsada habang nakasakay sa isang apat-na-libong-dolyar na kotse, na napapalamutian ng malaking brilyante, humihithit ng sigarilyo, at limang daang dolyar kada linggo na salaping kung tutuusin ang mga maysaki-. . .Hindi, po! Hindi, talaga! At mangyari nga, at paglabas na paglabas mo ng siyudad, kung anu-anong sinasabi nila, "mga holy roller," at lahat nang ganoon, at pinagtatawanan, at nililibak ang relihiyong pinaninindigan natin. Hindi, po!

34 At inaako ko mismo ito, at sa harapan ng Diyos bilang aking Hukom, inilalagay ko ito sa gawain ng Ebanghelyo sa ibayo, nang sa gayon alam ko na sa Araw na 'yun na ako'y. . .kapag kailangan ko nang magsulit ukol sa pagiging katiwala ko, ang bagay na 'yun nga'y nailaan nang tama. Ganoon nga mismo, dahil napagtanto ko na kung paano ko tratuhin ang mga tao ay ganoon ang trato ko sa Diyos. Ang pakikitungo ko sa inyo ay ang siyang pakikitungo ko kay Cristo. At ang pakikitungo n'yo sa akin ay pareho rin, siyanga, kay Cristo.

35 Ngayon, ang makita ang mga taong gaya nun, at makita kung

papaanong ang isang tao, hayan nga, na may kaluluwang imortal ngayon, na di maaaring mamatay, di maaaring mapahamak, walang magagawa kundi magkaroon ng Buhay na walang hanggan, na ang Diyos ay may kalayaan, sa Kanyang Sariling kalooban, na ipinagkaloob ito sa inyo. At ngayon, heto nga, ngayon ako. . .

36 Hayaan n'yo akong itama ito nang kaunti lamang, o magsabi ng isang bagay. May lalabas marahil diyan at magsasabi, "Si Kapatid na Branham ay isa palang Calvinist." Hindi, hindi po. Siyanga't isa akong Calvinist hangga't ang Calvinist ay nasa Biblia. Pero kapag lumabas na sa Biblia ang Calvinist, hayan nga na isa akong Arminian, kita n'yo. Naniniwala ako sa Holiness at naniniwala ako sa Calvinist, din naman. Pero, pareho kasi sila, na ang isa'y gumawi sa isang sanga at tumugaygay sa *ganito*, at ang isa nama'y nagawi sa isang sanga at tumugaygay sa *ganoon*. Kung hindi dahil sa Aklat ng Mga Taga-Efeso, para ipanumbalik ito't ilagay ito sa tamang lugar kung saan inilagay ng Diyos, magkakalabo-labo tayong lahat. Pero pareho silang may doktrina, pero 'yun na lang ang pinaniniwalaan nila't nakapirmi na lang dun, bawat isa, ganoon din ang Holiness at Calvinist, hayan nga, ang Arminian. Ngayon, may bagay na totoo ang Calvinist. Naniniwala ako na—na ang doktrinang Calvinist. . .

37 Ganito ang paniwala ko. Ukol sa katiyakan, naniniwala akong may Walang Hanggang katiyakan ang Iglesya. Sinumang nagbabasa ng Biblia'y batid 'yan, dahil sinabi na ng Diyos na masasaksihan Ito roon nang walang dungis. Tama ba? Kung ganoon, Ito'y paroroon at paroroon mismo. Tama ba? Ang Bi-. . . Ang Iglesya'y Magpawalang Hanggang tiyak. Ngayon, kung nakapaloob ka ba sa Iglesya, 'yan ang kasunod na usapin. Kung nasa Iglesya ka, buweno, may katiyakan na kayo sa Iglesya, pero siguraduhin n'yo na kayo'y makapanatili sa Iglesya. At paano ba kayo makakapasok sa Iglesya? Sa pamamagitan ba ng pakikipagkamay? Hindi. Sa paglalagay ba ng pangalan n'yo sa aklat ng pagmimiyembro? Hindi, po. "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat papasok sa isang Katawan." At ang Katawang 'yun, na hinatulan ng Diyos sa Kalbaryo, ay ang Katawan ni Jesus Cristo, at nabautismuhan tayo tungo sa Katawang 'yun sa pamamagitan ng isang Espiritu. Mayroon tayong Walang Hanggang katiyakan hangga't nasa Katawan tayo ni Cristo, walang makapaghihiwalay sa atin, walang makasasaling sa atin. Kung lalabas kayo, lalabas kayo sa inyong sariling kalooban. Pero kasintiyak nga, na kung nasa Katawan kayo ni Cristo, kung papaano mismong tiyak na nagbangon si Jesus mula sa mga patay, ay babangon din naman kayo. Ginawa na ng Diyos 'yun. Kanyang. . .

38 Hindi na kayo maaaring magkasala. Oh, inyo ngang. . . Marahil makasalanan ako sa inyong paningin, pero kung nakay

Cristo na ako, hindi na ito nakikita ng Diyos, dahil ang mga kasalanan niya'y binayaran . . . Binayaran na ng Kanyang Dugo ang mga kasalanan ko roon. Kita n'yo? Hindi na ako maaaring magkasala. "Ang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala, sapagkat hindi siya maaaring magkasala. Ang Binhi ng Diyos ay nananatili sa kanya." Kita n'yo? Siya, handa siya, kung makagawa siya ng pagkakamali, hayan nga, handa siya sa sandali ring 'yun na pagsisihan ito. Kung tunay siyang Cristiano, gagawin niya ito. Kung wala siyang gagawin, ipinapakita lang na wala siyang kahit ano, sa simula pa lang. Siyanga. Wala siyang kahit ano, sa simula pa lang. Pero kung isa siyang tunay na Cristiano . . .

39 Dito mismo, magtanim kayo halimbawa ng butil ng trigo sa lupa, sa tuwina'y magiging at magiging butil ito ng trigo. Marahil nakapaligid sa kanya ang matitinik na damong ligaw, at lahat na ng iba pa, pero magiging at magiging isa itong butil ng trigo hanggang sa nakatayo ito. Tama ba? At kung ang isang tao'y talagang naipanganak ng Espiritu ng Diyos, hindi siya maglalabas-masok, at magpapabalik-balik, at naroon sa sanlibutan at nandito na naman. Hindi, po. Hindi, hindi. Hindi ka isang damong ligaw isang araw tapos isang butil ng trigo naman sa kinabukasan. Walang ganoon ang Diyos sa bukirin. Siyanga, po. Kung ipinanganak ka ng Espiritu ng Diyos, isa kang Cristiano magmula sa oras na 'yun hanggang sa . . . hanggang sa paglisan mo, at pagkatapos kayo'y—kayo'y imortal na, kasama ang Diyos. Siyanga, kung nasa Iglesya ka.

40 Ngayon, ngayon pag-usapan naman natin ang tungkol sa bahaging kamatayan. Ngayon, papaanong ang isang tao na nasa ganoon nang kalagayan, sa ganoon nang uri ng kalagayan, ay magkakasakit kailanman? Dahil nga sa di pa natubos ang inyong katawan. Hindi pa natubos ang inyong katawan. Kahit gaano pa, gaano ka kabuti, at gaanong kalinis, at gaanong kabanal, at gaano mang Espiritu Santo sa loob, kaluluwa mo lang 'yan. At di pa kumpleto ang kaluluwa mo. Natamo lamang nito ang Pagpapala, ang pangako ng Diyos, na paunang-bayad ng kaligtasan natin. Pero heto nga na kung wala tayong paunang-bayad ng ating pagkabuhay na mag-uli, walang Makalangit na pagpapagaling, kung ganoon ay wala akong katiyakan o kahit ano para magpatunay sa akin na mayroong pagkabuhay na mag-uli.

41 Parang kung di nananahan si Cristo sa puso ko, na halimbawa kailangan ko pa itong panaligan sa kung anong uri ng isang—isang bagay na sikolohikal doon, na kinakailangang maniwala sa kung anong bagay na ganoon, buweno, kung ganoon ako—ako—ako nga'y medyo magdududa ukol dito. At 'yun ang dahilan, doon sa Aprika, kapag dumarating sila, silang mga misyunero dun, dala-dala roon ang libo-libong katutubo, at bitbit-bitbit nila ang maliliit na mga diyus-diyosang gawa sa

putik at lahat na ng kung anu-ano pa, ay dahil ang narinig nila ay ang pangkaisipang bahagi lamang ng Biblia. Ganoon nga. At ang sarili ko ngang iglesya na Baptist, Methodist, Presbyterian, haya't ang lahat ay nagpupunta roon. Pero noong masaksihan nila ang kapangyarihan ng Diyos na dumating kalakip ang pagpapamalas, 'yun na 'yun, nalaman nila mismo na ang Diyos ay Diyos nga.

42 Pero, ngayon, ano ang nagpasimula ng karamdamang ito? Ngayon, ang unang bagay, isa itong espiritu bago ito nagiging sakit, gaya nga ng kung papaanong espiritu kayo bago kayo naging isang tao. Ngayon kukunin ko si Kapatid na Willett dito bilang halimbawa. Kapatid na Willett, ako. . . May panahon na ikaw at ako'y wala pa. At pagkatapos ang unang bagay, binigyan tayo ng Diyos ng buhay. At ipagpahalimbawa natin, hayan nga, kung hihimay-himayin ko ang katawan mo ngayong hapon, binubuo ka ng ilang mga selyula, na pinagdidikit-dikit ng mga atom. At ngayon, magkakawatak-watak balang araw ang mga atom na 'yan, kung magtatagal pa si Jesus. Babalik ka. Ang mga 'yun nga'y magiging kung ano ang mga 'yun noon sa pasimula, babalik sa hangin. Pero kapag bumalik ang espiritu mo, magtitipon muli ang mga atom na 'yan kasama ng espiritung ito at palilitawin ang isang panibagong Kapatid na Willett na parang sa una, na mas bata na, nasa kanyang kainaman.

43 Kapag ang isang tao'y lumampas na ng mga dalawampu't limang taong gulang, makakasumpong siya ng ilang kulubot sa ilalim ng kanyang mga mata, at ilang uban mismo ang magsusulputan. Magkakaganoon nga, dahil nga tinutugis ka ng kamatayan. At isa sa mga araw na ito aabutin ka nito. Kahit sino ka pa, aabutin ka nito. Pero unti-unti itong. . . Mapupunta ka sa isang sulok dito, at ilalabas ka ng Diyos mula sa sulok na 'yun, at mapupunta ka sa sulok na ito *rito*, na halos aabutin ka ng kamatayan, at sa dako rito, pero darating nga ang panahon na makukuha ka na nito. Pero pagkatapos nga, ang kayang gawin ng kamatayan, tuluyan na kayong kukunin nito, at pagkatapos sa. . . kapag nagawa na nito ang lahat ng magagawa nito. . . Noong ibinigay ng Diyos sa inyo ang buhay na ito, at nasa inyong kainaman kayo, na edad na mga dalawampu't tatlo, pagsapit n'yo sa pagkabuhay na mag-uli ay babalik kayo nang eksakto kung ano kayo dati noong kayo'y dalawampu't tatlong taong gulang, dalawampu't lima, bago unti-unting pumasok ang kamatayan. Gagawin at gagawin ng kamatayan ang lahat ng magagawa niya. Papasok ito, pero babalik at babalik kayo sa dati.

44 Ngayon, kung ang bawat isa sa inyong—inyong selyula sa inyong katawan, sige't himayin natin ito ngayon, gawin nating selyula sa selyula, selyula sa selyula, at ilatag ito rito sa entablado, ang bawat selyula sa inyong katawan, makakarating kayo sa isang maliit na katiting na binhi kung saan kayo

nagpasimula, na di nakikita ng natural na mata. Kailangan n'yong silipin sa ilalim ng mikroskopyo. Nakita ko na ang binhi ng buhay sa ilalim ng mikroskopyo. Para itong napakaliit na sinulid. At ang una nun ay nagsisimula mismo sa gulugod, para itong maliit na buhol. Yun ang unang munting selyula na mag-aakumula sa ibabaw ng isang selyula.

45 Ngayon, kung kukunin ko ang nag-iisang munting selyulang 'yun na pinagmulan ng bawat isa sa inyo, na isang maliit na munting selyula, binhi . . . Ano ba ang binhi? Ang binhi'y isang maliit na munting, pinakamaliit sa selyula. Buweno, anong kasunod nun? Ngayon, pinagpira-piraso ko na kayo, pababa sa isang munting selyulang ito, at hindi pa ako nakararating sa inyo. Inilatag ko pa lang ang mga selyula n'yo. Buweno, pagkatapos, ang kasunod, mga selyulang dugo, at mga selyulang laman, at kung anu-ano pa ito, ilalatag ang lahat ng ito rito, pero hindi pa ako nakararating sa inyo. Ngayon, nakarating na ako ngayon sa isang binhi. Buweno, hihimayin ko ang maliit na selyulang 'yun. Ngayon, nasaan na kayo? Sa buhay n'yo. At ang buhay ang bumuo sa unang selyula, na isang binhi, na pagkatapos ay iniayon sa kalikasan nito; na aso sa aso, ibon sa ibon, tao sa tao. Bumubuo ng mga selyula, selyula sa selyula, selyula sa selyula, hahantong sa katayuan n'yo, na tao, pagkabuo nung mga selyula. Ngayon, itinalaga 'yun ng Diyos na magkaganoon.

46 Pero, ngayon, papaano naman sa isang kanser? Pag-usapan natin 'yan nang kaunti. Ngayon, ibinigay ng Diyos sa inyo ang inyong buhay. At sabihin, heto kayo ngayon, heto ako, walang—walang nakalagay sa kamay ko, pero maaaring magkaroon ng isang kanser sa kamay ko sa ibang panahon. Buweno, paano nakarating ang kanser na 'yun dun? Tingnan natin kung ano ang kanser na 'yun, ngayon nga'y himay-himayin natin siya, sige't himayin natin siya. Ngayon, isa siyang grupo ng mga selyula, din naman. Alam n'yo ba 'yun? Ang tumor, katarata, alinman sa mga bagay na 'yun ay mga selyula. Wala silang anyo. Palapad ang ilan sa mga ito, at ang ilan naman ay mukhang gagamba, ang ilan ay mukhang . . . paguhit, 'yung pulang kanser, parang mahahabang pulang sinulid na dumadaan sa . . . At pagkatapos may rosas na kanser na kadalasan ay lumalabas sa dibdib ng isang babae, para itong pancake na patong-patong sa isa't isa, at magkakasaklang sila. At tumutubo ang mga ito sa kung saan-saan.

47 Kung minsan ang mga tumor ay di pantay ang hugis, nakausli nang *paganito*, mahaba, pabilohaba, at lahat na. Wala silang anyo, dahil batay sila sa espiritu na walang anyo. Pero isa itong nabubuong mga selyula. Isa itong grupo ng mga selyula na, marahil nga, nasa inyo ngayon ang isang tumor o isang kanser mga selyula ito na nabubuo, na lumalaki, lumalaki, lumalaki. Kumakain ito, sinisipsip ang buhay na nasa inyo. Nabubuhay ito sa daloy ng dugo. Kinukuha ng mga katarata ang malapot

na likido ng mata at tumutubo mismo sa ibabaw nito, itinatakip ang sarili nito, na tinatakpan ang mga mata n'yo. Dumarating ang ilan sa mga ito at hindi nga . . . tulad ng tuberkular, na kapag dumarating ay maliit na munti lamang na binhi. Wala nga sa laki. Yung ganoong kaliit na binhi'y maaaring makabuo ng isang elepante, maaaring makabuo ng isang—isang pulgas. Kita n'yo? Wala sa sukat nung binhi.

48 At ang ilan sa kanila'y nagkakaanyong-katawan, ang ilan ay hindi. At ang ilan ay hindi pumapasok sa mga selyula. Ang ilan ay nagiging espiritu, na nagpapahirap sa kaluluwa. Sisikapin nating makadako sa bahaging 'yan, isasantabi ko muna ang bahaging 'yan para matalakay bukas ng hapon, kung magagawa ko, kung saan ba tumutungo ang kaluluwang-espiritu na 'yun, at kung paano sa kaibuturan *dito*.

49 At ngayon, mga kaibigan, hindi ko sinasaysay ito mula sa kung anong uri ng sikolohiya. Nakaharap ko na ang mga demonyo sa loob ng maraming taon, at alam n'yo 'yun. Kung alam n'yo lang ang bagay na ganoon, matapos ang mga gawain sa gabi, kung anong nangyayari kung minsan. Hindi n'yo alam. Alalahanin n'yo, kapag kinalaban n'yo ang isang espiritu, dapat alam mo ang sinasabi mo. Huwag ka lang tumayo riyan at kung anu-ano lang ang sasabihin, dahil wala itong maidudulot na anumang mabuti. Pero pagdating sa aktuwal na tatalima sa iyo ang isang demonyo, makikilala niya 'yun. Wala nga sa lakas na makasisigaw ka, wala sa dami ng langis na mailalagay n'yo. Yung nasa kaibuturan nga rito ang makikilala niya, ang Katotohanan. Simpleng nagsasalita nga lamang si Jesus sa kanya, "Lumabas ka."

50 Tanda n'yo, nagpapapadyak na't paikot-ikot ang mga alagad noon, at sinusubukang palayasin siya, at lahat na. Sabi nila, "Bakit di namin siya mapalayas-layas?"

Sabi, "Dahil, sa kawalan n'yo ng pananampalataya."

51 Sabi, "Lumabas ka sa kanya." Bumagsak ang batang lalaki't nakaranas ng pinakamatinding atake na nagkaroon siya kailanman. Kita n'yo? Kita n'yo? Kumikilala sila ng awtoridad.

52 Tingnan n'yo ang mga kabataang lalaking 'yun doon, 'yung mga palaboy na 'yun na nakita si Pablo na nagpapalayas ng mga demonyo. Sabi nila, "Kaya rin naming gawin ang ganoon ding bagay," ito ngang ilan na anak ng mga saserdote. Kaya naman nagpunta sila't ang sabi, "Kaya naming magpalayas ng mga demonyo." Mga Gawa 19. Pinuntahan nila ang isang lalaki na inaatake ng epilepsy, at nagsabi, "Inuutusan ko kayo, sa pamamagitan ni Jesus. Lumabas kayo sa kanya . . ." Sabi ng demonyo, "Ngayon . . ." ". . . sa Pangalan ni Jesus, Na ipinangangaral ni Pablo!"

53 Ang sabi nung demonyo, "Ngayon, kilala ko si Jesus at kilala ko si Pablo, pero sino kayo?" Alam n'yo na ang nangyari.

Lumundag dun sa lalaki, hinapak nila ang kanilang mga damit, at inatake mismo sila, at nagtatakbo palabas sa lansangan.

54 Yung ganoon ding mga demonyo'y nabubuhay pa rin sa panahong ito, kaya naglipana ang maraming panatisismo. Heto ang iglesya, ngayong gabi. Naglipana ang sandamakmak na panatisismo sa lupain ngayon, na nag-aangkin ng Makalangit na pagpapagaling, na dapat sana'y tumikom. Yun ang nagdudulot ng kadustaan sa tunay na Layunin. Yan ang dahilan kung bakit mahirap ang pakikibaka. Naglipana ang kung anu-anong bagay na ang angkin ay relihiyon, ngayon, na dapat tumikom. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Walang iba kundi mga sekta! Yan ang dahilan kung bakit may napakahirap na pakikibaka ang tunay na Iglesya ng Diyos ukol dito. Pero tayo kasi'y Amerika, kita n'yo, ganoon ang kinahinatnan. Sabi ng Diyos ang trigo at ang mga baging at mga damong matinik ay magkakasamang tumutubo. Huwag n'yong subukang bunutin ang mga ito. Hayaan n'yong tumubo ang mga ito nang sabay pero sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala n'yo sila. Walang mga bunga, bakit, walang Buhay, wala roong kahit na ano.

55 Ngayon, masdan n'yo ang selyulang ito. Sabihin natin, halimbawa, maraming beses nga, kadalasan tumatama ang pulang kanser sa sinapupunan ng isang babae, mga pasa sa babae at iba pa. Ngayon 'yun, kunin natin 'yun, ang bagay na 'yun ngayon, sa kanyang selyula, itong—itong kanser na ito. Ngayon ang isang kanser . . .

56 Lahat ng bagay sa natural ay tumitipo sa espirituwal. Alam n'yo na ba 'yun? Lahat ng bagay sa natural ay tumitipo sa espirituwal, ano't anuman.

57 Halimbawa, parang ito, noong—noong tayo'y ipinanganak sa Katawan ni Cristo, may tatlong sangkap na kinakailangan para magbunsod ng Kapanganakan. At 'yun ang tatlong sangkap na lumabas sa buhay ni Cristo noong namatay Siya. Lumabas sa Kanyang katawan, ang tubig, Dugo, at Espiritu. Tama ba? Tatlong sangkap, 'yun ang mga sangkap na pinagdadaanan natin kapag ipinanganak tayo muli: pag-aaring ganap, pagpapaging-banal, bautismo ng Espiritu Santo. Ngayon, maaaring ang lahat ng 'yun ay sa isang pagkilos mismo. Pero mangyari nga . . . Haya't maaari kang nasa kalagayan na inaring-ganap pero hindi pinaging-banal. Maaari kang maniwala sa Panginoong Jesus Cristo at dala-dala mo pa rin ang karumihan. Pero tunay naman na maaari kang mamuhay na parehong inaring-ganap at malinis at banal ang pamumuhay, at wala pa ring Espiritu Santo. Kita n'yo, ang Biblia, sa Unang Juan 5:7, ay nagsabi, "May tatlong nagpapatotoo sa Langit, ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, at . . . Ama, Salita, at Espiritu Santo," na ang Anak, "at ang tatlong ito ay iisa. At may tatlo na nagpapatotoo sa lupa, ang tubig, Dugo, at Espiritu, at ang mga ito'y nagkakaisa." Hindi

isa, kundi nagkakaisa. Hindi maaaring mapasaiyo ang Ama nang wala ang Anak; hindi maaaring mapasaiyo ang Anak nang wala ang Espiritu Santo, dahil di sila maaaring paghiwalayin, isa. Ang trinidad ay nasa isa.

58 Hindi ko ito naririnig dito, pero marami kayong maririnig sa buong bansa, na isa sa mga pinakamatinding usapin sa mga grupong Pentecostal, ay ang pagkakalito-lito sa isang simpleng bagay na 'yun. At nakausap ko mismo ang mga pinuno nila't pinatunayan sa kanila na magkapareho mismo ang paniniwala nila. Diyablo lang ang nagpagitna sa kanila, ganoon lang. Kung ang malaking iglesyang Pentecostal na 'yun ay ga-. . .iwawaksi ang maliliit, na lumang mga tradisyon at magkakaisa sila sa isang pinagpalang Iglesya ng Diyos, darating ang Pag-agaw. Pero hangga't napapanatili sila ni Satanas na watak-watak, buweno. Yun kasi ang pamamaraan niya rito. At ganap namang naniniwala sila sa isang bagay.

Sinasabi ng isa, "Buweno, *ganito* kasi Yun."

59 Sabi ko, "Buweno, kung *ganito* Yun, haya't Yun nga'y *ganito*." Kaya hayan nga. Mangyari nga, na pareho lang. Pero hayan nga, sa tatluhang trinidad na 'yun ng Diyos. Ngayon, ngayon, ang Diyos sa Kanyang kaisahan. Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ngayon, hindi natin sinasabi, "aming mga diyos," gaya ng mga pagano. Ito'y "aming Diyos." Kita n'yo? Ito'y tatlong-lupi ng Katauhan ng Diyos.

60 Ngayon pansinin, ngayon, si Satanas din nama'y nasa trinidad. At ang mga kapangyarihan niya'y nasa trinidad.

61 Ngayon, haya't pansinin n'yo noong ang tubig, ang Dugo at Espiritu'y nagbubunga ng bagong Kapanganakan. Tama ba? Ngayon masdan. Kumakatawan 'yun sa bagong Kapanganakan. Ano ang kumakatawan sa natural na kapanganakan bago dumating ang bagong Kapanganakan? Kapag. . .Kayong mga nanay, kapag ipinapanganak n'yo ang isang sanggol, ano ang unang bagay? Tubig. Ang kasunod, dugo. Ang kasunod, kita n'yo, 'yun ang bumubuo sa buhay, kita n'yo, bumubuo sa tao. Tubig, dugo, espiritu.

62 Ngayon, ang isang kanser, talakayin natin siya kasunod, mayroon pa tayong halos limang minuto na natitira, sa tingin ko, sa susunod na limang minuto pa, talakayin natin itong kanser. Ano ba ang sakit na 'yun? Ano ang nirerepresenta niya? Isa siyang nanginginain. Para siyang buwitre, nanginginain ng mga bagay na patay. At galing ang kanser sa isang pasa, madalas, kung saan natamaan ang isang selyula at ito'y—ito'y nabiyak. At 'yung munting selyula na 'yun ay para bang nag-backslide. Oh, malaking salita nga 'yun para sa isang Baptist, hindi ba? Hayan nga, nag-backslide ito, ang selyulang 'yun. Isa akong Baptist na naniniwala sa backslide.

63 May nagsabi, dito sa isang pagtitipon sa Arkansas noong isang araw, sabi, “Kapatid na Branham,” sabi. . .Isa siyang Nazarene. Gumaling siya. Pasan-pasan niya ang kanyang. . . Naglalakad-lakad sa may bayan, na pasan-pasan ang mga saklay niya sa kanyang balikat. Sabi niya, “Alam mo kung ano?” Sabi, “Noong unang dalo ko rito,” sabi, “akala ko—akala ko. . .noong marinig kitang nangaral, inakala ko na isa kang Nazarene.” Sabi niya, “Pagkatapos ay nakita ko na karamihan sa mga tao roon ay Pentecostal, at may nakapagsabi sa akin na Pentecostal ka raw. At ngayon sinasabi mong isa kang Baptist.” Sabi, “Hindi ko maunawaan.”

64 Sabi ko, “Oh, madali lang.” Sabi ko, “Isa akong Pentecostal Nazarene Baptist.” Haya’t ’yun—’yun ang tama. Buweno. Hindi’t, iisa tayo kay Cristo Jesus, sa pamamagitan ng Espiritu Santo na nagpapaging-isa sa atin. Tama.

65 Ngayon, pansinin, nag-backslide ang munting selyulang ito dahil sa pasa. Nag-uumpisa ito na maliit. Nagtutungo roon ’yung ilang maliliit na mikrobyo para ibigay ang buhay nito roon. At doon na nagkakanana ang isang sugat. Maliliit na mumunting mga sundalo ’yun na nakikipaglaban para sa inyong buhay. Nagtutungo sila roon at—at inaatake ang lason na ’yun, ’yung mga kapangyarihan ng demonyo na unti-unti—unti-unting naiipon dun, at ibinibigay ng mga ’yun ang kanilang mga buhay. Yun ang bumubuo. . . Yun. . .Bunton ’yun ng maliliit na sundalo, ’yung nana na ’yun na nasa dugo n’yo. . .na nasa isang—nasa isang sugat, na ibinibigay ang buhay nila para iligtas ang buhay mo.

66 Ngayon, sa sandaling tumanggi ang isang munting selyula roon at unti-unting iiral itong demonyong ito, magsisimula na siyang lumaki, magsisimula na siyang magparami ng mga selyula. Bubuo siya ng isang katawan na kapareho mismo ng pagsisimula ng mga sanggol n’yo sa sinapupunan n’yo, at parang katulad nga noong nasa inyong nanay pa kayo. Selyula sa ibabaw ng selyula, selyula sa ibabaw ng selyula, selyula, sa ganitong direksyon, sa ganitong dako; sadyang, wala silang anyo na anuman tulad sa isang tao, batay sa kalikasan nito. Yun nga’y mula sa isang espiritu. Lumalaki lamang ito sa kung anong paraan, at unti-unti mismo na maging selyula sa ibabaw ng selyula, selyula sa ibabaw ng selyula.

67 At ngayon, malalaman mo na lang, mag-uumpisa ka nang manghina at makakaramdam ng sakit. Pupunta ka sa doktor at susuriin ka niya. Marahil di niya ito makikita. Kapag makita niya, marahil ay kanya itong tatanggalin. At kung ganap niya itong matanggal, buweno, naalis niya ito. Pero kung di niya ito matanggal, tulad halimbawa kung nasa lalamunan ito o saan man na di ito kayang ganap na matanggal, haya’t katuldok lang nito na matira’y patuloy mismo na mabubuhay. Kita n’yo, dahil di ’yun tulad, na gaya ng puputulin n’yo ang kamay n’yo at

hahayaan, o anumang bagay, o hihiwain n'yo. . . Ang ibig kong sabihin, kung puputulin n'yo 'yung pinaka katawan, at iiwan ang kamay n'yo roon, aba, hindi nga ito mabubuhay. Pero—pero, kita n'yo, wala itong anyo ng buhay na gaya ng mayroon ka. Isa itong kapangyarihan ng demonyo na kumikilos.

68 At ngayon pansinin, ang tawag n'yo rito, tinatawag ito ng doktor, na isang "kanser." Tinatawag ito ng Diyos na isang "diyablo." Tingnan n'yo ngayon. Binigyan lamang nila ito. . . Saan ba nanggaling ang salitang *kanser*? Nanggaling ito sa. . . sa isang salitang Latin na ginagamit sa terminong medikal, na ang ibig sabihin ay "alimango," isang alimango na nakikita n'yo sa tabi ng dalampasigan, 'yung maraming paa. Ganoon ang pamamaraan na—na pagkilos nito, gumagapang ito, kumakalat. Ang ibig sabihin ng salitang *kanser* ay "alimango." At nakakapasok ito't patuloy lang na kumakapit at sumisipsip ng dugo habang naroon, gaya ng isang pugita o kung ano. Hayan nga't, ang isang tumor, katarata, at iba pang mga sakit, nagmumula ang bawat isa nun sa isang binhi, at ang binhing 'yun ay kinakailangan na isang katawan. At bago ito maging isang katawan, ito'y kinakailangan na isang buhay. Bago ito makalikha o—o mabuhay at makagawa ng mas marami pang selyula, kinakailangan na isa itong buhay. Tama ba? Ngayon, saan nagmula ang kanser na 'yun? Sino, saan nagmula 'yun? Wala pa ito sa inyo noon, pero ngayon marahil nandiyan na ito sa inyo. Saan ito nagmula? Ito'y ibang buhay na iba nga mismo sa buhay n'yo, na nabubuhay sa inyo. At ito'y nagpapahirap, sinisipsip ang buhay n'yo. Yan ang dahilan kung bakit tinawag ito ni Jesus na "isang diyablo."

69 Ang tawag nila sa epilepsy ngayon, sinasabi nila, "epilepsy." Hayan nga, ang epilepsy, sa Biblia, ang tawag dito ni Jesus ay "isang diyablo." Noong dumating 'yung lalaki dala-dala itong batang lalaki na bumagsak sa lupa, at bumula ang bibig at lahat na, sabi ng lalaki, "Mayroon siyang diyablo, at madalas inihahagis siya nito sa apoy, sa tubig."

70 Ngayon pinaganda nila ang pangalan nito at tinawag itong epilepsy, pero isa nga itong diyablo. At ang sabi ni Jesus, "Ikaw diyablo, lumabas ka sa bata!" Hayan nga. Ngayon, ang epilepsy nga'y madalas na dulot ng sakit sa bato. Marahil makakadako tayo riyan mamaya-maya. Kita n'yo? Nagsasanhi ito ng epilepsy, mula sa uremic.

71 Ngayon, pansinin n'yo ito, pagkatapos mananatili roon ang selyulang 'yun, isa itong diyablo. Bumubuo ito ng buhay; tumutubo ito, palaki nang palaki. May isa itong tungkulin, 'yun ay, kitilin ang buhay mo. Yan ang dahilan kung bakit ipinadala ang diyablo, para paikliin sa tatlong dalawampu at sampu ang mga araw n'yo.

72 Ngayon, saludo ako sa bawat doktor. Siyanga, po. Bawat

medikal na siyensiya, pagpalain sila ng Diyos dahil sa tulong na ginawa nila sa mga tao. Tama 'yun. Ano kayang gagawin n'yo sa mundo ngayon kung wala ito? Pinasasalamatan ko ang Diyos dahil sa medikal na siyensiya. Pinasasalamatan ko ang Diyos dahil sa sasakyan ko. Kung hindi pinahintulutan ng Diyos ang siyensiya na igawa ako ng sasakyan, mahihirapan akong makapunta rito na maglalakad. Ganoon din para sa mga de kuryenteng bumbilya, at para sa sabon na magagamit sa paghuhugas ng mga kamay ko, at pansipilyo para makuskos ko ang ngipin ko, tunay nga. Pinasasalamatan ko Siya para sa lahat, dahil ang lahat ng mabubuting bagay ay nanggagaling sa Diyos.

73 Pero hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, walang kahit katiting na gamot ang nakapagpagaling ng anumang karamdaman. At walang doktor, maliban na isa siyang mapagpanggap, na anupa't sasabihin sa inyo ng isang tunay na doktor na hindi sila nag-aangkin na mga tagapagpagaling. Sa Mayo Brothers mismo, marami sa inyo. . .kinapanayam na ako roon, dalawa o tatlong beses na. Tungkol sa mga pasyenteng nagmula roon, na di malunasan. . .Nabasa n'yo ba sa *Reader's Digest*, sa isyu nung Nobyembre? Ilan sa inyo ang nakabasa nung isyu noong Nobyembre, 'yung artikulo ko roon, sa *Reader's Digest*? Kita n'yo? At pinapunta nila ako roon, para dun sa panayam ukol sa sanggol na sinukuan na nila. Sabi, "Hindi ito maaaring malunasan." Pero nangusap sa akin ang Espiritu Santo at sinabi sa akin kung paano ito magagawa, at nagawa nga. Buweno. Ngayon, tinawagan nila ako. At nakasulat mismo sa ibabaw ng pintuan kung saan naroon sina Jimmy at iba pa, nandun dati ang Mayo, may napakalaking karatula na ang sabi dun, "Hindi namin inaangkin na kami'y mga tagapagpagaling. Ang inaangkin lang namin ay inaasistihan namin ang kalikasan. May isang Tagapagpagaling lamang, 'yun ay ang Diyos." Sila ang pinakamahusay sa mundo. Ngayon, mayroon din tayong ilang mapagpanggap, oo. Mangyari nga. May ilan tayong mapagpanggap na mga mangangaral, din. Buweno. Kaya, umiiral 'yun sa magkabilang panig.

74 Ngayon, pero sinumang tao na nag-aangkin na isa siyang tagapagpagaling, isa siyang mananalaysay, dahil hindi niya 'yun magagawa. Dahil ang sabi ng Biblia, "Ako ang Panginoon Na nagpapatawad ng lahat mong kasalanan at nagpapagaling ng lahat mong karamdaman."

75 Nakapunta na ako sa mga pag-aaral. At sa silid ko, ang. . . ilan sa pinakamahuhusay na doktor sa iba't ibang bansa ang pumunta na. Hindi n'yo alam ang nasa likod ng buhay, kaibigan, para malaman kung anu-ano ang mga kaganapan, at mga bagay na hindi ko sinasabi roon sa publiko. Nagpupunta ang mga tao nang palihim. At huwag n'yong isipin na wala nang Nicodemo sa mundo; tunay na mayroon pa, libo-libo sila. Nagmamatyag sila roon at dumadalo sa pagtitipon. Mauupo roon na naka T-

shirt, ibang suot nga mismo, gayong may kilalang pangalan na ikagugulat mo, mauupo sila mismo sa pagtitipon. Ilang araw nga na palihim na dadaan-daan at tatawag nang palihim, at magpapadala ng tao para kumuha ng panayam. At ganito mismo ang sasabihin, sasabihin, "Kapatid na Branham, naniniwala akong Yan ang Katotohanan." Tao rin silang gaya natin. Siyanga. At naghahangad ang bawat tao na tumanaw sa kabila ng maitim na tabing na 'yun doon na tatawirin at tatawirin niya balang araw.

76 Pero ang mga kanser at ang mga bagay na ito'y walang duda na mga diyablo na nabuo sa isang katawang-laman, kumikilos, kinikitil ang buhay n'yo.

77 Ngayon, kung gagawin ko ang gaya ng ginagawa ng doktor, kung hihiwain ko ito, ilalapag ito. . . O, parang, sabihin na lang natin, halimbawa, kayo'y kanser, mismo, ng lupang ito. Ngayon, ganito ang Makalangit na pagpapagaling. Kung nais kong alisin ka gamit ang pamamaraan ng doktor, patuloy ko nga mismong. . . kukuskusin at kukuskusin ko ang katawan mo, o kung anong ibang paraan, hanggang sa maglaho na itong lahat sa lupa. Mawawala na ito, tulad ng pag-alis ng doktor ng tumor mula sa inyo. Pero sa anyo ng Makalangit na pagpapagaling, kung ikaw ay kanser, tatawagin ko lang palayo ang buhay mo mula sa iyo, at maglalaho ka na. Lilisan ang buhay mo sa iyo, pero 'yung katawan mo'y maiiwan dito tulad ng dati.

78 Ngayon, diyan nga pinakamatinding kalaban ng Diyos ang paningin at oras sa Makalangit na pagpapagaling. Hindi ko alam kung nakakadako si Kapatid na Baxter sa mga bagay na ito sa pagtitipon. Naupo ako, ipinapaliwanag ito sa kanya at kay Kapatid na Bosworth, nang paulit-ulit. Pero ganito ang nangyari. Duda ako kung nauunawaan ito ng marami sa mga tao, dahil, pagkaraan lang, makikita mo ang mga tao na unti-unting bumabalik, nagsasabi, "Natamo ko ang kagalingan ko, Kapatid na Branham, sa loob ng dalawa o tatlong araw, pero, purihin ang Diyos, ito'y—ito'y nawaglit ko." At ganoon ang nakikita ko, at sa tingin ko ang dahilan ay dahil di nila isinasaayos nang tama ang pagtitipon. Hindi nauunawaan ng mga tao. May mga sumampa sa entablado at ganap na bulag, may mga kanser, o may mga katarata sa kanilang mga mata, at binasa ang Bibliang ito matapos na maipanalangin, lumakad na; tapos sa loob ng tatlo o apat na araw ay naging bulag uli sa kung paano sila noong una. Anong nangyari? Alam ninuman na kapag nawala ang buhay sa kahit anong katawang-laman, umiimpis ito pansumandali. Tama ba?

79 Mayroon na ba, rito, na pumatay ng isang usa, o isang baka, o anumang katulad nun? Siyanga. Buweno. Timbangin n'yo ito ngayong gabi, kayong mga mangangaso riyan, mga kaibigan ko. Patayin n'yo 'yung usa at ilagay n'yo 'yun sa timbangan, sabihin n'yo sa mga kalalakihan kung ano ang

timbang nito. Masdan n'yo! Kinaumagahan ay mas magaan na ito nang ilang libra kaysa nakaraan. Kapag namatay ang isang tao, 'yung embalsamador, ang unang bagay na ginagawa, ay inaalis 'yung pustiso o ang mata, kung ano mang bagay ang naroon, inaalis 'yun; dahil, umiimpis ito, natutulak ito palabas dahil umiimpis ang katawan ng tao. Lahat nga ng iba pang katawang-laman ay umiimpis. Kapag nawalan ng buhay ang selyula, nagsisimula itong umurong, lumiit. Magaganap 'yun sa loob ng mga pitumpu't dalawang oras. At pagkatapos magsisimula na itong mamaga. Hayaan n'yo ang isang maliit na aso na nasagasaan, dito sa lansangan. Hayaan n'yo siyang nakatiwangwang dun sa araw sa loob ng mga tatlong araw, at antabayanan n'yo ang mangyayari. Mas malaki na itong aso kaysa dati. Mamamaga ito. Tama ba?

80 Buweno, ganoon din ang nangyayari kapag ang isang—isang demonyo'y pinalayas sa isang taong may sakit. Sa unang ilang araw, "Oh, kay gaan ng pakiramdam ko." Pagkatapos magsisimula kang sabihin, "Ako'y—ako'y mas lumala kaysa—kaysa nung una. Naiwaglit ko ang kagalingan ko." Kung papaano nga na inalis 'yun ng pananampalataya, ibabalik itong muli ng kawalan ng pananampalataya. Kung paapanong pinapatay ito ng pananampalataya, binubuhay naman ito ng kawalan ng pananampalataya. Sinabi ni Jesus, "Kapag umalis ang karumal-dumal na espiritu sa isang tao, naglalakad siya sa mga tuyong dako at bumabalik siya kasama ang pito pang demonyo." At kung wala ang puno ng sambahayan sa bahay para protektahan ang pintuang 'yun, papasok 'yun mismo. Ang puno ng sambahayan ng bahay ay ang pananampalataya n'yo. Magsasabi, "Lumayo ka!" Ganoon nga.

81 Pero ngayon masdan n'yo ang isang pasyente na gumaling na, sa karaniwang paraan, maliban na ito'y namumukod-tanging himala. Hayan nga, na ang Makalangit na kagalingan at ang paghihimala'y dalawang magkaibang bagay. Ang Makalangit na kagalingan, ay isang bagay; ang paghihimala'y iba namang bagay. Pero ang isang karaniwang takbo ng Makalangit na pagpapagaling, ay kapag pinalayas ang maruming espiritu, isang demonyo ng kanser halimbawa, kapag umalis ito sa tao, "Oh!" Ngayon, o marahil maghalimbawa tayo ng isang bagay na mas makikinita n'yo nang bisuwal, sabihin natin, katarata. Anong mangyayari kapag ang taong 'yun. . .Kung mapapansin n'yo ang isang taong bulag. Hindi ko alam kung nagkaroon na ako ng ganoon dito o wala, pa, na mga matang may katarata. Patatayuin ko muna sila nang ilang minuto. Bakit? Para magsimula 'yun na umimpis. Sasabihan sila na bumalik, para makapagpatotoo sa atin. "Oh, grabe!" Malinaw na nga silang nakakakita. "Oh, grabe! Talagang, nakakakita na ako ng mga bagay-bagay! Oo! Ako. . ." Anong nangyari? Umalis 'yung buhay; umimpis na 'yung katawan nung katarata. Buweno,

mananatili itong ganoon nang mga ilang araw. Sasabihin, "Oh, gumagaling na ako."

82 At pagkaraan, magsisimula nang sumakit ang kanilang ulo, hindi na maganda ang pakiramdam. Babangon kinaumagahan, "Nawawala ko na naman ang paningin ko."

83 Sasabihin ng ilan sa kanila, "Uh-huh, naantig ka lang pala. Naantig ka lang nung grupo ng mga holy-roller na 'yun." Huwag n'yong paniniwalaan 'yun! Kasinungalingan 'yun ng diyablo. Kung paniniwalaan mo 'yun, babalik kang muli sa pagkabulag.

Pero kung manghahawakan ka lang, na sasabihin, "Hindi. Panginoon, nananampalataya ako."

84 Pagkatapos anong mangyayari? Mamamaga nang matagal ang katawang 'yan. Tatakpan nitong muli ang paningin. Mamamaga ang kanser na 'yan sa katawan. Masasaktan at kikirot na naman. Pagkatapos magkakasakit ka nang malubha, magkakasakit nang matindi. Bakit? Nakatiwangwang na kasi diyan ang malaking bukol na 'yan ng patay na laman sa inyo, patay.

85 Babalik ka, sa doktor at sasabihin niya, "Oh, kalokohan 'yan. Hayan mismo ang kanser. Nakikita ko ito." Tunay naman, nandiyan nga, pero patay na. Hallelujah!

86 Ngayon, kinakailangang linisin ng daloy ng dugo ang katawan. Sa tuwing bobomba ang puso, itinutulak nito ang dugo sa katawan, at nakukuha nito ang impeksyong 'yun. Sigurado, magkakasakit kayo rito. Papaano kung may tipak ng laman kayo na nakabitin sa inyo sa kung saan, o kasinghaba ng ahas, o kung anong malaki na pabilog gaya ng daliri n'yo, at nakabitin dun, at patay ito, ganoong kalaking patay na laman na nakabitin sa inyo, at nabubulok na ito? Buweno, siyempre, kinakailangang panatilihing malinis 'yun ng daloy ng dugo n'yo, habang nagbobomba ito. Pero hayan nga na patay na laman, 'yang bagay na nakabitin diyan, dahil umalis na riyan ang buhay. Ang kapangyarihan ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay pinalayas na ito. Isa siyang demonyo; kailangan niyang umalis.

87 Pero, ang dahilan, at dahil di naitagubilin sa mga tao. Umaalis sila, sumusuko. At ang diyablo rin na 'yun ay nakaantabay lang dun, para lumuklok muli. Kapag may sinabing anuman ang Diyos sa inyo sa entabladong ito, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, kapag nasa ilalim ako ng inspirasyon, huwag n'yong pag-aalinlanganan 'yun, o may mas masahol na bagay na darating sa inyo, sabi Niya. Dahil sinabi ni Jesus, "Ang huling kalagayan ng taong 'yun ay makapitong beses na mas masahol kaysa noong una." Tama ba? Kapag lumabas ang maruming espiritu mula sa isang tao, nagpapagala-gala ito sa mga dakong walang tubig, bumabalik na may kasamang pito pang iba na diyablo. Kaya, huwag mag-alinlangan. Manatili

kayo mismo Rito. Maging taos dito, mula sa inyong puso. Sabihin, "Hindi, po! Hindi ako patitinag! Kahit gaano pa akong maging malubha, wala itong anumang kinalaman dito." Pagkatapos, malalaman mo na lang, nalilinis ka na. Magiging maayos na ang lahat. Kita n'yo, patay na ito. Yung—'yung operasyon na gagawin sana ng doktor sa inyo, 'yung siya ring bukol na nasa inyo, wala na itong buhay.

88 Sasabihin n'yo, "Ang buhay nito, Kapatid na Branham, kikitilin ba nito ang buhay ko?" Hindi, po. Ang buhay na 'yun ay hiwalay na buhay sa inyo. Ipinakita ko lamang sa inyo na isa kayong buhay at naging nilalang, at buhay din itong isang ito at naging nilalang; at kayo'y sa Diyos, at 'yun nama'y sa diyablo. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Demonolohiya. Ngayon, dapat n'yong makita kung anong itsura ng bagay na 'yun sa pagtayo n'yo para tingnan ito.

89 Oh, naku, pasensya na, halos alas-tres y media na. Pasensya na. Tingnan n'yo, mga kaibigan. Oh, ang kailangan na kailangan ng mundong ito!

90 Halos pitong taon na akong, nagtuturo sa buong Amerika, nagdaraos ng mga gawain ng pagpapagaling na ito. Nagkaroon ako ng magandang ideya na magpasimula muli sa buong bansa, magtuturo ng Biblia, at tungkol sa demonolohiya, para maunawaan ng mga tao kung anong gagawin. At 'yun ang dahilan, hayan nga sila na nagpupunta sa mga pagtitipon na ito, kadalasan, at, kasama... Kung hindi n'yo nauunawaan, lumalabas ang mga tao, at madalas...

Ngayon, naaalala n'yo 'yung tao na naparoon at sinabi niyang may kaloob daw siya ng Makalangit na pagpapagaling? Nasa inyo ang kaloob ng Makalangit na pagpapagaling kung gumaling kayo. Kayo 'yun, mismo. Anumang kaloob ay kumikilos sa pamamagitan ng pananampalataya. At kahit gaano pang karaming kaloob ng Makalangit na pagpapagaling ang mayroon ako, na sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko, pero tatayo nga kayo rito at, kung wala naman kayo nung parehong uri ng pananampalataya, hindi ito magdudulot ng mabuti sa inyo. Magagawa ko marahil na ipanalangin kayo, nang maraming oras at kung ilang mga linggo at mga buwan. Hindi sa ganang ang mga mangangaral ay may Makalangit na pagpapagaling. Kayo ang may kaloob ng Makalangit na pagpapagaling, na sumasampalataya sa kagalingan, dahil sa pamamagitan ito ng pananampalataya. Sa pamamagitan ng pananampalataya! Ang bawat pagkilos ng Diyos ay sa pamamagitan ng pananampalataya.

91 Ang buong baluti ng Diyos ay sa pamamagitan ng pananampalataya. Wala tayong anumang natural na bagay ng mundong ito. Ang lahat ng bagay sa isang—isang iglesyang Cristiano'y isang gawa ng pananampalataya. Tingnan n'yo

ang baluti ng Diyos: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, kagandahang-loob, pagtitiis. Tama ba? Ang lahat ng bagay ay sobrenatural, walang natural. Kaya hindi tayo tumitingin sa mga bagay na natural, dahil kumikilos tayo sa sobrenatural. At ang tanging paraan na maibabase natin ito, ay pananampalataya, sa bagay nga na sinabi ng Diyos na Katotohanan, at tumitingin tayo sa Di Nakikita. At tinatawag natin 'yung mga bagay na di pa hayag, na tila hayag na; tulad ni Abraham, at natamo niya ito. Amen! Tinawag ni Abraham 'yung mga bagay na di pa hayag, gaya ng ginawa ng Diyos, na tila hayag na ang mga ito. Maging sa pagiging sandaang taong gulang niya, ay hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di pananampalataya.

92 Para ko ngang nakikinita 'yun, hindi ba? Nakikinita ko si Sarah na bumangon siya isang umaga. Sinabi ng Diyos, "Abraham!" Sabi, "Abraham, magkakaanak ka."

93 Bumangon si Sarah. Ang sabi, "Kumusta ang pakiramdam mo, Sarah?" Halo-halo ang madla rito ngayon, pero makinig kayo.

"Walang pinag-iba."

94 "Buweno, luwalhatiin ang Diyos, mapapasaatin ito! Kunin mo na ang perdible't mga panuksok, at lahat. Maghanda na."

Buweno, isa na namang buwan ang lumipas. "Sarah, kumusta ang pakiramdam mo?"

"Walang pinag-iba."

Lumipas ang taon. "Sarah, kumusta na?"

"Walang pinag-iba."

Lumipas ang sampung taon. "Walang pinag-iba."

Lumipas ang dalawampu't limang taon. "Walang pinag-iba."

95 Si Abraham, sa halip na manlupaypay, lumakas siya nang lumakas. Alam niyang magiging mas higit na himala kapag lumaon ang panahon, dahil nanampalataya siya sa Diyos, at di siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa di pananampalataya. Sabi niya, "Mapapasaatin ito!" At isang umaga nagsimulang lumaki ang sinapupunan ni Sarah, at ipinanganak si munting Isaac, dahil nanampalataya si Abraham sa Diyos. At tiningnan niya ang mga bagay, at ibinilang ang mga bagay na di pa hayag na mayroon na.

96 Hindi sa pamamagitan ng mga pakiramdam, hindi sa pamamagitan ng paningin. Hindi ka lumalakad sa pamamagitan ng mga pakiramdam o paningin. Ito nga'y sa pamamagitan ng pananampalataya. At kapag nagpahayag na ang Diyos ng anumang bagay, na sinasabi, "Ang lahat ng bagay na iyong hingin, kapag kayo'y nananalangin, sampalatayanan ninyong

tinanggap na ninyo," pagkatapos panghawakan n'yo ito. Sinabi na ng Diyos, tiyak na mangyayari mismo! Amen. Mga demonyo!

> Pananampalataya sa Ama, pananampalataya sa Anak,
> Pananampalataya sa Espiritu Santo, tatlo sa Isa;
> Ang mga demonyo'y manginginig at ang mga makasalanan ay gigising;
> Ang Pananampalaya kay Jehovah anumang bagay ay mayayanig.

Siyanga. Oh, grabe! Tiyak nga. Manampalataya kayo sa Diyos. Tumingin kayo sa Kanya. Huwag kayong aalis. Manatili kayo mismo roon. Sinabi na mismo ng Diyos!

97 At, ang mga demonyo, ano sila? Mga espirituwal na nilalang sila. Ngayon, sinasabi ng—ng doktor, "May kanser ka. May TB ka. May katarata ka. May pleurisy ka. May *ganito* ka." Ang diyablo 'yan. Isang buhay 'yan, at sa likod ng buhay na 'yan ay isang espiritu. Ilan ang nakakaalam at nakakakitang ang isang kanser, katarata, ay mayroon itong—mayroon itong. . . Isa itong espiritu, may—may buhay ito. Buweno, walang anumang bagay ang maaaring magkaroon ng buhay nang walang espiritu, kita n'yo, kaya kinakailangang may buhay para paganahin 'yun, sa kung saan.

98 Kahit ang punongkahoy na 'yun doon ay may buhay. Hindi kayang gumawa ang buong siyentipiko sa mundo ng isang dahon ng damo. Alam n'yo ba 'yun? Gumagawa sila ng bagay na kamukha nito, pero di nila masumpungan ang pormula ng buhay. Yun ay Diyos. Kita n'yo? Sinabi ng Diyos sa punongkahoy, "Sumpain ka. Wala kang bunga, at di ka magkakaroon ng anuman." Dumaan sila pabalik doon. Mga alas otso 'yun noon ng umaga. Dumaan sila uli nang mga alas onse, habang patungo na sila para maghapunan. Sabi ni Pedro, "Tingnan n'yo ang punong 'yun, patay na ito mula sa ugat." Bakit? Sinaway ni Jesus ang buhay na 'yun na nasa puno, na nasa mga ugat, at namatay ang buong punongkahoy. Hallelujah!

99 Kayang sawayin ng siya ring Cristo ang isang kanser mula sa mga ugat, at mamamatay ang kabuoan nun. Nakatayo roon ang punongkahoy na 'yun gaya ng dati, ilang oras bago pa, pero makikita n'yong magsisimula nang nagsipaglaglagan ang mga dahon, at tapos makikita ang balat ng puno na nagsisimula nang matuklap. At 'yung. . . Nagsisimulang mabulok, araw-araw, at linggo-linggo, at pagkaraan ng ilang panahon ay wala nang isa mang batik na matitira sa punongkahoy na 'yun. Hallelujah! Kanser, tumor, katarata, o anupamang iba, ang mga 'yun ay kinakailangang lumayas kapag nagsalita si Jesus. Nagpalayas Siya ng mga demonyo. At sinabi Niya, "Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo, magsasalita ng mga

bagong wika, makahawak man ng mga ahas, o makainom ng mga bagay na nakamamatay, ay di ito makakasama sa kanila. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling."

100 Iniibig n'yo ba Siya? Pasensya na't pinatagal ko kayo nang isang oras dito ngayong hapon, na nakaupo rito. Iniibig n'yo ba ang Panginoon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Anong mangyayari ngayon? Kung tatanggapin n'yo si Cristo bilang tagapagpagaling n'yo, at manampalataya sa inyong puso na may nangyari na sa inyo, at sasampalataya na magaling na kayo, sasampalataya ba kayo na magaling na kayo? Huwag n'yong papayagan ang diyablo na maglagay sa isipan n'yo ng iba. Magpatuloy lamang.

"Doktor," sasabihin—sasabihin, "doktor, kumusta po kaya?"

Sasabihin niya, "Aba'y, nariyan pa rin ito."

101 Sa puso mo batid mo, alam mo kung anong nangyari. Huh! Malalaman mo na lang, sasabihin, "Aba, ano kayang nangyari sa bagay na 'yun?"

102 Pagkatapos sasabihin, "Tingnan mo, doktor, sasabihin ko sa'yo. Ganito ang nangyari, pinagaling ako ni Jesus Cristo. Siyanga. Pinagaling ako ni Jesus Cristo."

103 Buweno, iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali. Kapatid na Willett, maaari ka bang pumunta rito sandali, kapatid?

104 Ngayon, Makalangit na Ama, nagpapasalamat kami sa Dugo ni Cristo. At marahil kung minsan ang Iyong lingkod, Panginoon, ay di gumagamit ng karunungan, sa pagsasalita nang napakatagal. Pero marahil nakakaramdam ako na parang si Pablo, na nangaral nang magdamag isang gabi. Nahulog ang isang lalaki sa bintana at namatay. At ang apostol na 'yun, na taglay ang Salita ng Diyos sa kanyang buhay, ay nagpunta roon at dumapa sa binata, bumalik ang buhay sa kanya't nabuhay muli.

105 Minamahal na Diyos, napagtatanto kong ang paglubog ng araw ngayon sa dakilang sibilisasyong ito'y nagsimula na, matagal nang, dumaan ang kalagitnaan ng araw, bumabalot na ang mga anino ng gabi. Papasikat na ang Dakilang Liwanag mula sa Kaharian ng Diyos, para pumuwesto sa kanyang dako sa masalimuot na kadilimang parating sa lupa. Diyos, napagtatanto kong patanda ako nang patanda bawat araw. Hayaan Mo akong makahayo, Panginoon. Bigyan Mo po ako ng lakas. Tulungan Mo akong maipamalita ang dakilang Katotohanang ito sa lahat ng dako. Tulungan Mo po kami, bukas ng umaga, para lalo kaming makaunawa.

106 At, minamahal na Diyos, pagpalain Mo po ang kaunting mga tagapakinig na narito ngayong hapon. Mamayang gabi, kapag

nagtipon sila para sa gawain ng pagpapagaling, lumapit nawa ang bawat lalaki at bawat babae sa isa't isa at magusap-usap, at magsasabi, "Ngayon, heto nga . . . wala—wala nang anumang alinlangan. Nauunawaan na namin kung saan ito nagmumula ngayon. Alam naming isa itong demonyo. At alam naming kapag aalis siya, kinakailangan niyang umalis sa utos ng Diyos. Tiyak ngang aalis siya. Sinalita na ng Diyos. Kinakailangan niyang umalis." Kaya naman, ang mga tao'y lumabas nawa, na masaya't, nagagalak, na inaangkin na ang kanilang kagalingan. Walang bagay, itulot na walang bagay ang humambalang sa kanilang landas, pa; hahayo mismo, na sumasampalataya.

107 At, Diyos, itong munting iglesya nawa rito, at ang mga kasamang iglesya rito, ay magkaroon ng isang rebaybal pagkatapos ng patitipon na ito, Panginoon, na sadyang magdadala rito, at maraming daan-daang kaluluwa ang maakay tungo sa Kaharian ng Diyos. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Ang mga lalaki't babae nawa rito, mula sa iba't ibang bansa at ibang mga lugar, dalhin nawa nila ang Mensahe pabalik sa kanilang mga iglesya, at magkaroon nawa sila ng isang makalumang rebaybal. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Patawarin Mo po kami sa aming mga pagkakasala ngayon. Tulungan Mo kaming maging mga lingkod Mo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

108 Iniisip ko, habang nakaupo kayo rito, mayroon bang isang makasalanan sa gusali ngayon, na nais magsabi, "Kapatid na Branham, alalahanin mo ako sa panalangin"? Maaari ba, maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay? Mayroon bang taong makasalanan? Hindi ko . . . Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Mayroon ba? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Ikaw, at ikaw, at ikaw, pagpalain kayo ng Diyos. Iniisip ko kung magagawa n'yong . . . Ngayon, sa inyo po ito.

109 Kita n'yo, hindi ako naniniwala sa pagbaling sa mga tagapakinig. Hindi ko pinupuna ang iba na gumagawa nito. Hindi ako naniniwala sa pagbaling sa mga tagapakinig at pipilitin na palapitin ang isang tao. Kita n'yo? "Walang makalalapit, maliban na ang Ama ang Siyang maglapit sa kanya." Kita n'yo? Siyanga. Na hihilahin mo lang siya roon na labag sa kalooban niya. Kita n'yo? Pero kapag ang Diyos ay kumatok sa iyong puso, ikaw na ang taong may pinakadakilang pribilehiyo sa mundo. Hindi n'yo lang alam kung gaanong karaming tao ang nakausap ko.

53-0608A Demonolohiya — Pisikal na Kalagayan
Roberts Park Amphitheater
Connersville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org